Republic of the Philippines
Department of Education
Region V(Bicol)
**DIVISION OF CATANDUANES**
Virac, Catanduanes
Email Add: [illegible]
Website: [illegible] Tel No. [illegible]

RELEASED
DepEd, Division of Catanduanes
RECORDS SECTION
Date JUL 17 2018
Time: 2:35 PM
Initial/Signature:

Hulyo 11, 2018

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 167, s. 2018

**PANSANGAY NA PATIMPALAK SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2018**

**Sa mga:** Tagamasid Pansangay
Tagamasid Pampurok
Pinuno ng Paaralan (Elementarya at Sekundarya)
Punongguro
Pangklaster at Pampaaralang Koordineytor sa Filipino

1. Alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 104,1 s. 1997 na nagtakda ng taunang pagdiriwang ng Wikang Pambansa sa Buwan ng Agosto at batay din sa Panrehiyong Memorandum Bilang 78, s. 2018, magsasagawa ang Dibisyon ng Catanduanes ng Pansangay na Patimpalak sa Pagdiriwang ng Buwan Ng Wikang Pambansa sa darating na Agosto 28, 2018, ika- 8:00 n.u.. Isusunod na lamang ang lugar ng pagdadausan.

2. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay Filipino: Wika ng Saliksik. Layunin nito na:

   a. malinang ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino;
   b. mapaunlad ng mga guro ang angking husay at dedikasyon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino; at,
   c. maganyak ang mga guro at mga mag-aaral na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong paglahok sa mga gawain kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika.

3. Ang nabanggit na tema at mga layunin ang magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa buong buwan ng pagdiriwang ng mga gawain sa mga paaralan /klaster. Ang mga Koordineytor ay mamahala ng mga gawain sa tulong ng kanilang mga punongguro. Inaasahan ang ulat ng ginanap na Pagdiriwang ng Buwan Ng Wikang Pambansa (na may kasamang mga larawan, *programa at imbitasyon, narrative* at *listahan* ng mga kalahok ) ay makarating sa Dibisyon pagkatapos ng pagdiriwang.

4. Kalakip nito ang panuntunan at pamantayan ng Pansangay na Patimpalak (Kalakip 1) na siya ring magiging batayan sa pangklaster na Patimpalak. Ang lupon ng abala na nakasaad sa (Kalakip 2) at mga koordineytor ng bawat klaster ay magkakaroon ng Oryentasyon sa darating na Hulyo 23, 2018 ika-8:00 n.u. sa SDO Hall.

5. Ang nagkamit ng unang pwesto sa pangklaster na patimpalak ang siyang magiging kalahok sa Pansangay na Patimpalak.

6. Ang pansangay na pagdiriwang ay dadaluhan ng mga koordineytor ng bawat klaster, mga kasangkot na guro at mag-aaral, at mga punong abala.

7. Ang tatanghaling Kampeon sa pagtatanghal ng kultura at kasaysayan ay lalahok sa Panrehiyong Patimpalak sa ika- 29 ng Agosto, 2018 sa Lungsod ng Legazpi, 8:00 n.u..

8. Ang rehistrasyon na ₱600 para sa honorarium ng lupon ng inampalan, pagkain at iba pang gastusin sa pansangay na patimpalak ay manggagaling sa pondo MOOE ng paaralan ganun din ang pamasahe at iba pang gugulin ng mga kalahok na may kaugnayan sa pagdiriwang pansangay at klaster at paaralan ay mangagaling sa pondong local/MOOE ng paaralan o iba pang pondo na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.

9. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapabatid ng Memorandum na ito.

SOCORRO V. DELA ROSA, CESO VI
Tagapamanihala

Kalakip: Gaya ng nasasaad

Ilalagay sa Palagiang Taluntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

| | | |
|---|---|---|
| PALIGSAHAN | PAGDIRIWANG | KURIKULUM |
| GURO | MAG-AARAL | FILIPINO |

cid/gmt

**Kalakip 1 sa Pansangay na Memorandum Bilang 167, s. 2018**

## PANUNTUNAN AT PAMANTAYAN

A. Para sa Guro at Mag-aaral

Tema: "Doon Po Sa Aming Bayan"

(Pagtatanghal sa Kultura at Kasaysayan ng Sariling Bayan)

1. Ang kalahok ay nararapat na binubuo ng mga mag-aaral at pinahihintulutan ang Partisipasyon ng mga guro mula sa elementarya at sekundarya na napiling kakatawan sa kanilang sona.

2. Isang lahok lamang sa bawat sona. Ang bawat lahok ay binubuo ng 10-15 miyembro (guro at mag-aaral).

3. Ang pagtatanghal ay pinamagatang "Dito Po Sa Aming Bayan" na nakatuon at nagpapa-malas ng kultura ng sariling bayan o probinsiya.

4. Inaasahan ang kontekstuwalisadong daloy (script) ng pagtatanghal.

5. Ang musika, kasuotan at props ay magmumula sa mga kalahok.

6. Ang pagtatanghal ay sa loob lamang ng 5-7 minuto kasama na ang pagpasok at paglabas sa entablado.

7. Ang pamantayan ay:

| | |
|---|---|
| Produksiyon (Pagkamalikhain, Koryograpi) at aspetong kultural | 30% |
| Pagtatanghal (precision/execution - arte/sayaw/awit) | 35% |
| Kontekstuwalisayon | 15% |
| Kasuotan (kaangkupan) | 10% |
| Musika | 10% |
| Kabuuan | 100% |

B. Para sa mga Kawani sa Opisina ng Dibisyon ng Catanduanes

- Hari at Reyna ng Kundiman
- Makata ng Schools Division Office (SDO) Catanduanes

Panuntunan at Pamantaya

HARI AT REYNA NG KUNDIMAN

1. Ang kalahok ay nararapat na kawani sa Opisina ng SDO Catandunaes Na napiling kakatawan sa Sangay ng bawat opisina.

2. Isang lahok lamang ang bawat Sangay. Ang bawat lahok ay binubuo ng 2 kawani (babae at lalaki) at walang limit.
3. Ang bawat kalahok ay malayang pumili ng awaiting kundiman
4. Kasuotang Filipino ang gagamitin ng bawat kalahok.
5. Ang pamantayan ay:

| | |
|---|---|
| Kalidad ng Tinig | 40% |
| Kakayahang Pantanghalan | 10% |
| Tiyempo | 25% |
| Piyesang Pangkundiamn | 20% |
| Hikayat | 5% |
| Kabuuan | 100% |

MAKATA NG SDO CATANDUANES

1. Ang kalahok ay nararapat na kawani ng Opisina ng SDO na napiling kaka-tawan sa Sangay ng bawat opisina.
2. Isang lahok lamang ang bawat Sangay.
3. Ang bawat kalahok ay malayang pumili ng piyesa ng tulang
4. Ang napiling piyesa ng tula ay kinakailangang binubuo ng 12 saknong, 4-6 na taludturan bawat saknong, may sukat na labindalawahing pantig at tugma.
5. Tradisyonal ang pagbigkas ng tula at bibigyan ng kopya ng piyesa ang hurado.
6. Pambansang kasuotan ang gagamitin ng bawat kalahok.

| | |
|---|---|
| Nilalaman ng piyesa | 40% |
| Kakayahang Pantanghalan | 15% |
| Tinig | 25% |
| Bigkas (Tradisyonal) | 15% |
| Hikayat | 5% |
| Kabuuan | 100% |

Kalakip 2 sa Memorandum Pansangay Bilang 169, s. 2018

Lupong Abala:

1. Imbitasyon - Ar- Jay Callos - Virac Pilot ES
2. Pagsasaayos ng Bulwagan - Jesselou Sarmiento - Taytay ES
3. Papremyo - Karen Vega - Viga CES
4. Sertipiko/Program/Tally Sheets - Helen Garcia Calatagan NHS
5. Rehistrasyon - Salve Templo - Cavinitan ES
6. Dokumentsyon/Tarp Design - Edgar Maca - CNHS

Koordineytor sa Bawat Klaster:

1. Klaster 1 (Virac, San Andres, Bato) - Augosto Vargas
2. Klaster 2 (Gigmoto, Baras, San Miguel) - Cristopher Tud
3. Klaster 3 ( Viga, Panganiban, Bagamanoc) - Ricky Tid
4. Klaster 4 ( Pandan, Caramoran) - Glory Ann De Luna